Mga Network at ang Internet

Ginagamit ang terminong “social network” sa pang-araw-araw na pakikipag-usap, at pumapatungkol ito sa iyong “social circle,” o sa mga taong kilala mo at mayroon kang ugnayan. Kapag nakikipag-”network” ka, nakikipag-usap ka at bumubuo ng koneksyon sa mga tao para sa natatanging layunin, tulad ng pagiging mas kilala para tumaas ang pagkakataong makakuha ng trabaho. Sa mas mapanuri at pang-akademyang lente, ang “social network” ay isang sistemang panlipunang nakabatay sa isang tao. Ibig-sabihin, ito ang iba’t ibang mga relasyong nakaugnay sa isang tao, na hindi naman mabubuo kung wala ang taong iyon at hindi niya napanatili ang mga naturang relasyon. At dahil nakadepende lang sa iisang tao, maituturing na mahina at hindi pangmatagalan ang mga social network.

Subukin mong isipin ang iba’t ibang taong itinuturing mong bahagi ng iyong social network-- lahat ng iyong mga kapamilya’t kaibigan. Marahil, marami sa kanila, kilala ang mga taong nasa network mo, pero malayong lahat ng mga kaibigan mo ay magkakaibigan din. Mayroong mga tao sa network mo na ang tanging kaugnayan sa isa’t isa ay kaibigan ka nila. Sabihing mawala ka bigla, o matigil ang pagkakaibigan sa kanila, mawawala rin ang koneksyon nila sa isa’t isa.

Isang karaniwang katangian din ng mga social network ang kawalan ng limitasyon o hanggahan. Kung iisipin mo, lahat ng kakilala mo, mula sa iyong lolo’t lola, kapitbahay, hanggang sa kaibigan mo sa eskuwelang nakausap mo lang nang ilang beses-- lahat sila, bahagi ng iyong social network. Subalit malamang, hindi mo sila nakikita bilang iisang grupo, dahil ang relasyon mo sa kanila, kung paano mo sila nakilala-- mula man sa pamilya, lokasyon, o eskuwela-- ay magkakaiba. At hindi lang ‘yan. Bawat pagkakataong naipakilala ka sa isang tao, sa anumang paraan, dadagdag ang taong iyon sa iyong social network. Kasabay nito, kapag hindi mo napanatili ang relasyon sa isang tao, maaaring makalas sila sa iyong social network. Mabilis at madali ang pagdagdag-bawas ng mga tao sa iyong social network, at mahirap tukuyin, minsan, kung ang isang kababata bang hindi mo na nakakausap ay bahagi pa ng iyong social network o hindi na.

Kadalasan, ang konsepto ng social network ay tumutukoy lang sa mas maliliit na pangkat o komunidad, o para maglarawan ng isang partikular na sistemang panlipunang binubuo ng mga tao, sa halip na isang grupo, dahil nga ito'y mahina, pabago-bago, at kadalasa'y nakabatay sa isang konteksto. Para sa mas malalawak na pag-aaral, ang mga konseptong tulad ng istrukturang panlipunan at iba pang sistemang panlipunan ang ginagamit. Gayumpaman, dahil sa makabagong teknolohiyang tulad ng Internet, nagsimula na ang mga antropologong gumamit ng mga social network upang maglarawan ng mga mas malalaking grupo.

Sa Internet, nabubuo, lumalaki, at lumiliit ang mga pamayanan sa paraang hindi sumusunod sa tipikal na "panuntunan" na ginagamit ng mga antropologo upang obserbahan ang lipunan. Isa sa mga pangunahing ideya ay ang nakatali ang isang pamayanan sa kanyang pisikal na teritoryo, o sa isang tukoy na lugar kung saan galing ang isang komunidad. Sa Internet, makakausap at makakabuo ka ng koneksyon sa mga taong maaaring hindi mo nakikita nang personal, na maaaring manggaling sa iba't ibang lugar sa buong mundo.

Halos walang limitasyon ang mga relasyong maaari mong mabuo online, maliban siguro sa mga walang paraan na makakonekta sa internet. Ibig sabihin, maaari kang maging bahagi ng isang pamayanang tuloy-tuloy ang pagdagdag at pagbawas ng mga miyembro. Kaya itinuturing ang mga komunidad na ito sa online bilang mga social network, dahil hindi sila permanente, walang hanggan, at nakadepende sa isang tao.

Halimbawa, ang Facebook ay isang social network kung saan maraming tao ang kabahagi. Sa Facebook, walang limitasyon sa kung sinong maaaring imbitahan bilang "friend," o kaya'y i-"unfriend." Hindi kailangang kilala mo sila nang personal para sila'y gawing "friend," magpadala ng mensahe, o mapabilang sa kasama nila isang "Facebook group." Maaari kang magkomento sa "post" ninuman, o kaya'y magkipagdebate sa online sa isang taong di mo pa personal na nakikita, "friend" mo man o hindi. Subalit kapag binura mo ang iyong account, biglang maglalaho ang iyong social network. Hindi ka na magiging "mutual friend" ng mga tao, at wala nang magkakaroon ng eksaktong magkaparehong "friends" na tulad mo.

Kahit pa maaari mong maging Facebook “friend” ang mga taong hindi mo pa nakikita o makikita nang personal, kadalasang ginagamit ang Facebook upang panatilihin ang mga koneksyon sa mga taong mayroon ka nang relasyon sa offline. Pagkatapos may makilala sa unang pagkakataon, madalas na nagiging “friends” ang mga tao sa Facebook para mapanatili ang ugnayan. Puwede mong basahin ang mga Facebook “status” para alamin kung ano’ng ginagawa ng iyong “friends,” kahit na hindi mo pa sila nakikita o nakakausap. Sa paraang ito, napapanatili sila sa iyong social network, sa online man o sa personal. Samakatuwid, hindi lang nakabubuo ng mga sariling pamayanan ang Internet-- nakakatulong din itong panatilihin ang mga nabuo nang mga aktuwal na komunidad at mga relasyon.

Maituturing pa ring bago ang Internet, maging ang mga pag-aaral dito at sa kanyang mga pamayanan. Sadyang naiiba ang Internet kumpara sa mga tipikal na komunidad, dahil saklaw nito ang buong mundo, at hindi lang ang pisikal na aspekto. Maraming mga lumang teorya sa antropolohiya, sosyolohiya, agham pampolitika, at sikolohiya ang iniiba para umayon sa mundong online na kinabibilangan natin ngayon. Halimbawa, dahil sa pandemya, maraming bagay ang nalipat na sa online-- tulad ng trabaho, mga pagdiriwang o mga relihiyosong pagtitipon. Iniba nito ang paraan natin ng pakikipag-uugnayan at pakikipag-usap sa isa’t isa, at iniba rin nito ang paraan kung paano tumatakbo ang lipunan. Nangyayari ngayon ang pagbabagong ito, at maraming tao ang pinag-aaralan ito sa unang pagkakataon. Ikaw nga mismo, pwede mong pag-aralan ito sa pamamagitan ng pagbabantay sa kung sino ang iyong mga kinakausap araw-araw, o sa pagtingin kung sino ang nasa iyong Facebook “friends list”! Ikaw, ano-anong obserbasyon ang iyong napansin sa iyong social network?

Authors: Nuria Benitez and Samantha Merida
Translation: Ali Sangalang
Source: Article 4 Eriksen, Thomas Hyland. 2001. Small Places, Large Issues: An Introduction To Social and Cultural Anthropology, 2nd Edition. London: Sterling Press. pp. 73– 92